JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insakto ong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton


OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

# 5



Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan- Modyul 3:
## Kristiyanisasyon



Pangalan: ______________________________

Baitang at Seksyon: ______________________________

Paaralan: ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Sheila Mae A. Ferigura

**Mga Editor:** Florence S. Gallemit, Teresita J. Cainta

**Tagasuri:** Lindo O. Adasa Jr.
Florence S. Gallemit
Dr. Jephone Yorong

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Sheila Mae A. Ferigura

**Tagalapat:** Sheila Mae A. Ferigura

**Tagapamahala:** Dr. Ella Grace M. Tagupa
Dr. Jephone P. Yorong
Florence S. Gallemit
Joy I. Cagbabanua
Judycel L. Elumba



# Alamin

Pagkatapos mong isagawa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- makasusuri sa paraan ng pagsasailalim ng katutubong populasyon sa kapangyarihan ng Espanya sa paraang Kristiyanisasyon.



# Balikan

**I. Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga pahayag ang naglalarawan ng estratehiyang *divide and rule*?
   A. Ipinamigay ang ilang pulo ng Pilipinas sa ibang bansa sa Europa.
   B. Pinaghati-hatian ng mga Espanyol ang mga pulo sa Pilipinas.
   C. Hinati ang Pilipinas sa Luzon, Visayas at Mindanao, tapos ay sakupin.
   D. Pinag-away-away ang mga katutubo, tapos ay sakupin.

2. Ano ang ibig sabihin ng pagsasanduguan nina Humabon at Magellan?
   A. Nais ni Humabon na magpabinyag sa Kristiyanismo.
   B. Nagsabwatan sina Magellan at Humabon laban kay Lapu-lapu
   C. Sinimulan ni Humabon ang ritwal ng sanduguan kay Magellan.
   D. Naging magkaibigan at magkaalyansa sina Humabon at Magellan

3. Ano ang ginawa ni Magellan sa mga katutubo upang makuha ang tiwala sa mga ito upang matugunan ang interes ng kolonyalistang Kastila?
   A. Kinaibigan ang mga pinuno ng mga pook na kanilang napuntahan.
   B. Binigyan ng masasarap na pagkain ang mga katutubo.
   C. Pinasakay ang mga katutubo sa kanilang mga barko at ipinasyal.
   D. Pinagbabaril ang mga katutubo para masakop agad ang Pilipinas.

4. Bukod pa sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo, alin pa sa mga sumusunod ang iba pang pakay ng mga Espanyol?
   A. Maraming mga magagandang pasyalan ang matatagpuan sa Pilipinas at balak na gawing turismo.
   B. Ang bansa ay isang maagandang estratehikong lokasyon upang gawing base militar ng Espanyol.
   C. Gawin itong pangunahing mapagkukunan ng ginto at perlas at ng mga hilaw na sangkap gaya ng niyog, indigo at iba pang produkto.
   D. Nahuhumaling sila sa magagandang pakikitungo ng mga katutubong Pilipino.

5. Maliban sa ebanghelisasyon, ginamit din ng mga Espanyol ang espada upang mapasailalim sa kanilang kapangyarihan ang mga Pilipino. Ano ang ibig sabihin ng pahayag?
   A. Mga espada ang pangunahing sandata ng mga Espanyol laban sa mga katutubo.
   B. Maging marahas din ang mga misyonero sa pagsakop sa Pilipinas.
   C. Gumamit ng puwersang militar ang mga Espanyol sa kanilang pananakop.
   D. Pinagsabay ng mga sundalong Espanyol ang krus at espada sa pakikipaglaban.

| Aralin 3 | KRISTIYANISASYON |
|---|---|



## Tuklasin

Saan mo karaniwang nakikita ang simbahang Katoliko sa inyong lugar?

Ano-ano ang mga bagay na nalaman mong nasa loob at ang ginagawa ng mga tao kapag sila ay nasa simbahan?




**Kumpletuhin ang mga nasa kahon sa ibaba. Isulat ang sagot sa patlang.**

1. Ang mga nakita ko sa loob ng simbahang Katoliko ay ___________________.

2. Kapag oras na ng pagsamba, ang mga tao rito ay ______________________.



## Suriin

**Basahin at unawaing mabuti ang teksto**.

# KRISTIYANISASYON

Paano ba binago ng mga Espanyol ang pananampalataya ng ating mga ninuno? Paano ba tinanggap ng mga sinaunang Pilipino ang pananakop ng mga Espanyol sa paraang Kristiyanisayon?

Isa sa pangunahing layunin ng ekspedisyon ng Espanya sa Pilipinas ay tatlong G: ***God, Gold at Glory***; kung saan ang ***God*** o ang pagpapalaganap ng Kristiyanismo ang sinasabing pinakamalaking impluwensya ng mga ito sa ating bansa. Naniniwala silang mas madaling maging kolonya ang isang lugar sa pamamagitan ng Kristiyanismo.

Bago pa man dumating ng mga Espanyol sa Pilipinas, ang sistema ng pagsamba ng mga katutubo ay sa kalikasan. Sinasamba nila ang araw, buwan, mga bituin, mga ilog, mga kahoy sa kagubatan, at iba pang mga nakikita nila sa kalikasan sa paniniwalang naroroon sa mga ito ang mga nagbabantay na diyos at diyosang nagbibigay sa kanila ng mga biyaya.

Ngunit, ang matandang paniniwalang **paganismo** o pagsamba sa maraming diyos at diyosang pinaniniwalaang naninirahan sa kalikasan ay napalitan ng mga turo ng misyonerong Espanyol sa iisang Dakilang Diyos lamang na tinatawag na Kristiyanismo. Nanguna sa pagtuturo rito ang mga misyonerong **Agustino** na kasama ni Legazpi sa kanyang pagdating sa Pilipinas noong 1565 sa pangunguna ni Padre Andres de Urdaneta. Sinundan ito ng mga paring **Pransiskano** (1578), **Heswita** (1581), **Dominiko** (1587), at **Rekoleto** (1606).

Unang ipinatupad ang pagmimisyon sa Cebu, kung saan unang nagpabinyag ang pamangkin ni Raja Tupas, si Isabel. Sinundan ito ng pagbibinyag sa pito o walong batang malapit nang mamatay at ang pagpalit ng paniniwala ng isang Muslim sa Borneo na si Camotuan noong 1566, kasama ang kanyang anak, manugang at apo.

Nagpabinyag din si Raja Tupas at kanyang anak na si Pisuncan at iba pang pinuno noong Marso 1568. Dahil sa pagdami ng mga prayleng misyonero sa Pilipinas, nagpatatag sila ng mga *diocese* (binubuo ng mga pinagsama-samang parokya).

Malaki ang nagbago sa paniniwalang panrelihiyon ng mga katutubong tumanggap ng Kristiyanismo. Una, sa Kristiyanismo ay isa na lamang ang Diyos na dapat sambahin. Pangalawa, ang pamumuno sa larangang espiritwal ay hindi na sa mga babaeng **babaylan** (mga taong nakakausap ang mga espiritu at nakapanggagamot sa mga sakit espirituwal), kung hindi ay nasa mga lalaki nang mga pari/prayle.. Pangatlo, hindi na sila maaaring magsamba saanmang lugar dahil may tiyak na lugar nang itinakda ang mga prayle bilang banal na espasyo ng pagsambang tinatawag na *simbahan.*

Dahil sa hindi naman nalalayo sa nakagisnang pagsamba ng mga sinaunang Pilipino ang mga turo ng mga misyonerong prayle, madaling natanggap ng mga katutubo ang Kristiyanismo. Katulad na lamang ng pagdiriwang ng kapistahan, ibinagay ito sa kanilang katutubong kultura ng pagpapasalamat sa masaganang ani.

Ilan pa sa mga tinuro ng mga prayleng misyonero sa mga Pilipino ay pagdarasal, pagsimba, pagbabasa ng **Bibliya** (banal na aklat ng mga Kristiyano), pagnonobena, pagrorosaryo, pagsasama sa prusisyon, pagpapakilala ng mga imahen ng mga santo, binyag, kasal, pagdalo sa misa, pangungumpisal, pagbebendisyon sa mga may sakit at namatay, at pati na rin pagdiriwang ng Pasko at paggunita sa pagpapakasakit, pagkamatay at muling pagkabuhay ni Hesus.

Naging katanggap-tanggap ang kolonyalismo dahil pilit ipinaunawa ng mga prayle sa mga katutubo na kung hindi nila sinakop ang Pilipinas ay patuloy pa ring nasa panahon ng "kadiliman" ang mga katutubo (paganismo) at hindi pa diumano makikilala ang "tunay" na Diyos. Ipinalabas ng mga Espanyol na dapat tanggapin ang kolonyalismo dahil kaakibat nito ang kaligtasan ng kanilang kaluluwa.



# Pagyamanin

**Panuto**: Tukuyin ang inilalarawan ng mga pahayag. Piliin sa loob ng kahon ang sagot sa bawat bilang. Isulat ang sagot patlang bago ang bilang.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Kristiyanismo** | **Misyonero** | **Hesus** | **Rosaryo** |
| **Nobena** | **Bibliya** | **Simbahan** | |

_________1. Sinasabing pinakamalaking impluwensiya ng mga Espanyol sa kulturang Pilipino.
_________2. Banal na aklat ng Kristiyanismo.
_________3. Tawag sa mga taong nagpalaganap ng relihiyong Katoliko sa bansa.
_________4. Pinakadakilang Diyos ng relihiyong Kristiyanismo. ____________.
_________5. Banal na espasyo ng pagsamba ng pananampalataya.



# Gawain

**Gawain A**

**Panuto**: Unawaing maigi ang mga pahayag. Isulat ang salitang **TAMA** kung ito'y nagsasad ng katotohanan at **MALI** naman kung hindi.Isulat ang sagot sa patlang bago ang bilang.


_______1. Nanguna sa pagmimisyon ng pagpapalawak ng Kristiyanismo si Padre Andres De Urdaneta na isang Agustino.
_______2. Ang pagbabasa ng Bibliya, pagrorosaryo, at pag-aalay ng pagkain sa kalikasan ang ilan sa mga itinuro ng Kristiyanismo.
_______3. Kapangyarihan ang naging mahigpit na sandata ng mga Espanyol upang madaling masakop ang Pilipinas.

_______4. Unang ipinatupad ng mga prayle ang pagmimisyon sa Cebu.

_______5. Noong Marso 1586, nagpabinyag si Raja Tupas at kanyang anak na si Pisuncan.

**Gawain B**

**Panuto:** Para mabuo ang spider web at mapunan ang mga galamay nito, ayusin ang mga ginulong salita na nasa pinakaibaba na may kaugnayan sa paniniwalang Kristiyanismo. Isulat ang sagot sa mga bilog.




**BBYLIIA** **HESSU** **RUKS** **BHAANSIM**



# Isaisip

**Panuto**: Kumpletuhin ang mga pangungusap sa ibaba. Isulat ang sagot sa patlang.

Ang natutuhan ko sa araling ito ay______________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
__________________________________________________________.

Madaling natanggap ng karamihan sa mga katutubo ang Kristiyanismo dahil ______________________________________________________________________
______________________________________________________________________________.



# Tayahin

A. **Panuto:** Kilalanin kung kaninong gampanin sa pagpapalawak ng Kristiyanismo ang binabanggit sa hanay **A**. Piliin ang letra ng tamang sagot sa hanay **B**. Isulat ang sagot sa patlang bago ang bilang.

| A | B |
|---|---|
| ___1. Isang Agustino na nanguna sa pagmimimisyon para mapalaganap ang Kristiyanismo sa Pilipinas | a. Padre Andres de Urdaneta<br>b. Legazpi |
| ___2. Dakilang Diyos ng mga Kristiyanismo | c. Hesus |
| ___3. Muslim sa Borneo na nagpalit ng paniniwala at nagpabinyag bilang Kristiyano | d. Camotuan<br>e. Espanyol |
| ___4. Mga dayuhang nagturo at nagpalaganap ng relihiyong Kristiyanismo sa Pilipinas | f. Pilipino |
| ___5. Nagdala kay Padre Urdaneta sa Pilipinas | |

B. **Panuto**: Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

6. Patuloy na naging maimpluwensya ang Kristiyanismo sa pamumuhay ng mga Pilipino. Alin sa mga sumusunod na mga paniniwala o tradisyon ang nananatili pa rin sa kasalukuyan?

   A. Ang mga paring Espanyol ang may hawak ng mga posisyon sa simbahan.
   B. Ang mga tao ay walang kalayaang ipahayag ang kanilang mga paniniwala.
   C. Ipinagdiriwang ang mga kapistahan bilang parangal sa patron ng isang lugar.
   D. Patuloy na maghihirap ang mga taong hindi nabinyagan ng Kristiyanismo.

7. Bago pa man dumating ang mga Espanyol sa Pilipinas, ang mga Pilipino ay sumasamba na sa maraming diyos at diyosang naninirahan sa kalikasan na tinatawag na _________.
   A. Paganismo  B. Animismo  C. Kristiyanismo  D. Muslim

8. Alin sa mga sumusunod ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga prayleng dumating sa Pilipinas?
   A. Agustino----Dominiko -----Heswita----Pransiskano ----Rekoleto
   B. Heswita ----Pransiskano ----Rekoleto ----Agustino ----Dominiko
   C. Heswita -----Agustino ----Pransiskano ----Rekoleto ----Dominiko
   D. Agustino ----Pransiskano ----Heswita ----Dominiko ----Rekoleto

9. Paano naging katanggap-tanggap sa mga Pilipino ang Kristiyanismo at kolonyalismo?
   A. Sa pamamagitan ng paniniwalang ang pagbibinyag sa Katoliko ang magsasalba sa kanila sa kahirapan.
   B. Sa pamamagitan ng paniniwalang tanging mga turo ng mga prayle lamang ang makapagliligtas sa kanila sa gitna ng kapahamakan.

C. Sa pamamagitan ng paniniwalang ang mga Espanyol lamang ang siyang may kapangyarihang maging banal ang mga may sala.
D. Sa pamamagitan ng paniniwalang kung hindi sinakop ng mga Eespanyol ang Pilipinas ay patuloy pa ring nasa panahon ng “kadiliman” ang mga Pilipino.

10. Ang mga sumusunod ay ang mga itinuturo ng mga prayle sa mga katutubo, MALIBAN sa isa. Alin ito?
A. Pagrorosaryo
B. Pagpapakasal
C. Pangungumpisal
D. Paghihiwalay ng mag-asawa



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa patlang. Gawing batayan ang rubrik para sa pagkuha ng puntos. ***(5 puntos/aytem)***

**RUBRIK SA PAGPAPALIWANAG**

| **Pamantayan** | **Deskripsyon** |
|---|---|
| **Napakahusay (5)** | Tumpak at napakalinaw ng sagot sa tanong kaugnay ng relihiyong Kristiyanismo. |
| **Mahusay (4)** | Malinaw at tama ang sagot sa tanong kaugnay ng relihiyong Kristiyanismo. |
| **Katamtaman (3)** | May kalinawan ang sagot, ngunit may ilang punto na nalilihis sa tanong kaugnay ng relihiyong Kristiyanismo. |
| **Di-gaanong Maayos (2)** | Lumihis ang kasagutan sa tanong na ibinigay. |
| **Sadyang Di-maayos (1)** | Hindi natapos ang sagot/ Walang naisulat. |

1. Masasabi mo bang mabisa ang pamamaraang Kristiyanismo upang mapasailalim o masakop ng mga Espanyol ang mga Pilipino? Bakit?

**Sagot**:____________________________________________

___________________________________________________
___________________________________________________
___________________________________________________
___________________________________________________
______________________________________________.

2.) Paano nakatutulong ang pananampalatayang Kristiyanismo sa iyong buhay sa kasalukuyan, lalong-lalo na sa pandemya ng covid-19 na ating kinakaharap ngayon?

**Sagot:**___________________________________________________________

_____________________________________________________________________

_____________________________________________________________________

_____________________________________________________________________

_____________________________________________________________________

_____________________________________________________________________

___________________________________________________________.

# Susi sa Pagwawasto

**Balikan**

1. D
2. D
3. A
4. C
5. C

**PAGYAMANIN**

1. KRISTIYANISMO
2. BIBLIYA
3. MISYONERO
4. HESUS
5. SIMBAHAN

**GAWAIN A**

1. TAMA
2. MALI
3. MALI
4. TAMA
5. MALI

**GAWAIN B**

BIBLIYA

HESUS

KRUS

SIMBAHAN

**Tayahin**

A. 1. A
2. C
3. D
4. E
5. B

B. 6. C
7. A
8. D
9. D
10. D

# Sanggunian:


Gabuat, M. A. (2016). *Pilipinas Bilang Isang Bansa,TG.* Quezon City: Vibal Group. Inc. pp. 42-45

Gabuat, M. A. (2016). *Pilipinas Bilang Isang Bansa.* Quezon City: Vibal Group. Inc. , pp. 122-125

Ikalawang Edisyon Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino 5, Batayang Aklat, Mga May Akda: Ailene Baisa-Jullian, Nestor S. Lontoc, Alma M. Dayag, pp.131-133

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.